N Transportasyon

Bumalik sa TOP ng N Transportasyon

Kapag nais magmaneho ng sasakyan sa Japan

Kapag mayroong lisensyang galing sa ibang bansa na maaring o may pahintulot magmaneho sa Japan

1-2 (1)
Internasyonal na lisensya o Kokusai Untenmenkyoshou
(ayon sa pagsunod sa kasunduan ng Geneva Convention, ang Internasyonal na lisensya ay balido sa bansang Hapon)

Ang mayhawak ng ganitong lisensya ay maaring magmaneho sa Japan habang ito ay mayroong bisa o balido. Panahon kung hangggang kailan maaring gamitin:
magagamit ito sa loob ng isang-taon mula sa pagpasok sa Japan hanggang sa araw na balido ito. Ngunit tandaan na kung nakatala bilang isang dayuhan at lumabas ng Japan at bumalik ulit sa Japan ng wala pang 3 buwan, bilang ang araw na wala sa Japan sa isang taong nabanggit.

1-2
(2) Pagpapatuloy o pagre-renew ng Internasyonal na lisensya

Kailangang i-renew ito sa bansang pinagkuhanan. Ngunit tandaan na kailangang mangalagi sa pinagkuhanang bansa mahigit na tatlong buwan mula sa araw na natanggap ang lisensya.

1-2 (3)
Dayuhang lisensya
(lisensya sa mga bansang Germany, Switzerland, France, Belgium, Taiwan at Italy)

Kung ang lisensya na ipinagkaloob sa Germany, Switzerland, France, Belgium, Taiwan at Italy ay mayroong pagsasalin sa wikang Hapon, ito ay maaring gamitin sa loob ng isang taon mula sa pagpasok sa Japan (kailangang dalahin ang pasaporte tuwing nagmamaneho).

1-3
Upang ipapalit ang lisensya sa lisensya ng Japan

① Mag-aplay upang makapagpalit ng lisensya
② Pagsusulit kung naaangkop magmaneho
③ Pagsusulit sa kaalaman ukol sa mga patakarang pangtrapiko
④ Pagsusulit sa kakayahan sa pagmamaneho
< Lisensya ng 22 bansa at 1 pook tulad ng Australia at Korea, ang ③ Pagsusulit sa kaalaman ukol sa mga patakarang pangtrapiko at ④ Pagsusulit sa kakayahan sa pagmamaneho ay hindi kinakailangan >

Upang kumuha ng lisensya sa Japan

1-4 (2)
Kailangang mag-aral sa itinakdang eskwelahan ng pagmamaneho

1-4
Pagtanggap ng lisensya ng Japan